

## VOIMAVARAKESKUS MONIKA

Maaari kaming tawagan sa loob ng 24 na oras

(09) 692 2304

info@monikanaiset.fi  
www.monikanaiset.fi

## Dayuhang Babae Alam mo ba ang iyong mga karapatan?

Ikaw ay may karapatan sa isang buhay na walang kalupitan

Ikaw ay may karapatan na makatanggap ng tulong



**Monika - Naiset liitto ry**

### Dayuhang Babae, alam mo ba ang iyong mga karapatan sa Finland?

Ikaw ba ay nakaranas ng pananakit o pananakot sa bahay o sa labas nito?

Tinatakot ka ba ng iyong asawa o nang kung sinong kamaganak sa pamamagitan ng pananakit?

Ikaw ba ay pinipigilang makipagkita sa iyong mga kaibigan o kamaganakan?

Kailangan mo bang ipagpaalam kung lalabas ka ng bahay halimbawa kung pupunta ka ng tindahan, sa tanggapan ng koreo, sa eskwelahan, sa manggagamot o kahit saang lugar?

Nauunawaan mo ba ang mga ganitong pangyayari sa iyong buhay?

Ito ay karahasan. Ang karahasan ay laban sa iyong karapatan bilang isang tao. Ayon sa batas ng Finland, ang karahasan ay isang krimen, isang kasalananang mabigat.

Ang mga pangangahas na ginagawa sa kababaihan ay iba-iba.

**Ang pananakit sa katawan** halimbawa'y pambabato ng mga kagamitan sa iyo, panununtok, panunulak, paninipa, pananakal, at pamimilipit sa kamay.

**Ang pangkaisipang pananakit** ay ang pagbabanta, paninisi, pagmumura, pagsusubaybay ng palihim, kahigpitan, pagba-baliwala, at panliliit.

Pangangahas din kung ikaw ay pinipigilang makatulong at makapagalaga ng anak.

**Ang pangangahas tungkol sa pananalapi** ay ang pagsasamantala at pagpipigil sa paghawak ng pera., pagsisinungaling tungkol sa pera, paghihigpit sa pag-gastos, at pagpipigil upang ikaw ay makatanggap at makagamit ng pera.

**Ang sekswal na pangangahas** ay ang pagpipilit upang makagawa ng seks, ang pag-gagahasa, at ang panghihipo na laban sa iyong .kagustuhan.

Ikaw ay may karapatan sa buhay na matiwasay.  
Ikaw ay my karapatang mabigyan ng tulong.

Maaari kang tumawag sa amin at hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan.

Ang aming numero ay:

**(09) 692 2304 (Helsinki) (24h)**

**(09) 839 35013 (Vantaa)**

**045 114 7595 (Kemi)**

**(09) 692 2304 (Turku)**

**045 237 5014 (Espoo)**

**045 237 5010 (Kainuu)**

Ginagamit namin sa aming paglilingkod ang sumusunod na mga salita: arabia, ingles, español, hindu, kurdi, persia, portugal, pranses, somali, finnish, tagalog, thai, ruso, at viro.

Ang mga taga-tulong na sasagot sa telepono ay mga nag-aral tungkol sa mga kalagayang ito. Maaari nating pag-usapan ang tungkol sa iyong suliranin at magkasama nating pagiisipan kung paano at saan ka makakahanap ng iba pang tulong.

### **Monika-Naiset liitto ry/ Monika-Samahang Pangkababaihan**

Ang Monika-Samahang Pangkababaihan, ng mga kababaihan galing sa iba't ibang panig ng mundo, ay itinatag noong 1999 na isang samahan ng may iba't ibang kultura. Ang layunin ng samahan ay upang makatulong sa mga kababaihan, pati ng kanilang mga anak, na nakaranas ng karahasan. Ang samahang ito ay nagpapayo kung papaano maiiwasan ang mga pangyayaring mararahas, at nagpapayo din upang maisaayos at maibagay ng dayuhan ang kanyang buhay dito sa Finland.

